**Acordesweb.com**

**Sanay Totoo**
**Gagong Rapper**

Sana y Totoo
Gagong Rapper (featuring Ally)

```
   Intro: E-B-D-C-B7,

        E
   Sa pagdilat ng mata parang bang kinapos sa paghinga
                B
   Parang bang bangungot ang nangyari nung ako y nagising na nga
        D
   Nag-alala, kailan kaya ulit mauulit ang panaginip
          C                                            B7
   Ako y inip, ako y sabik sa panaginip kailan ulit masisilip

         E
   Ang paglubog ng araw ay laging tinatanaw
            B
   At sa mahimbing na pagtulog hinahanap ay ikaw
       D
   Sumisigaw, hinihiyaw ang pangalan mo sa paraiso
               C                                  B7
   Dahil ang pusong kong hati nasa  yo ang kapiraso

   (Do chord pattern: E-B-D-C-B7)

   Ang makapiling at ang labi mo akin na sanang mahagkan
   Kung totoo lahat nang  to, wag mo na sana akong iwan
   Kahit tagpuan ay sa panaginip lang ako narin sayo y kuntento
   At pangako sa  yo kailan man di mag sisilbing perwisyo

    Cause ang bisyo paligayahin ka dito sa aking piling
   Idinilat mong damdamin sana hindi na ulit mapuwing
   Pero ako y naduduwag at baka sa pagdilat ng mata
   Banta sa puso, Paggising ko baka wala ka na

   Buti nalang sa panaginip ay hindi ka do n papanaw
   At alam kong sa ganong paraan, ay wala sa  yong aagaw
   Pero sana balang araw pangarap kong ito ay matupad
   Ang hiling ko lamang sa Diyos pag ibig mo ay mahangad

                        Chorus
  E            B           D                     C   B7,
   Ikaw lamang sa isip, panaginip na  to sana y totoo
  E           B          D            C      B7,
```

Di makapaniwala sa panaginip nagkasama tayo
**E            B          D                    C   B7**,
Ikaw lamang sa isip, panaginip na  to sana y totoo

(Do chord pattern: **E**-**B**-**D**-**C**-**B7**)

Habang nakatingin sa langit wish ko na ikaw ay bumagsak
Pa no ko kaya mabibigay dosenang bulaklak?
Dahil sa panaginip lang kita nakakasama
Kailan kaya kita makakalampungan sa kama?

Para bang nahibang, ako y biglang nailang
Ilang tupa pa ba dapat ko pang ibilang?
Para lang makatulog, na sa panaginip ika y aabangan
Sa  king pag gising sana ikaw na y nasa  king harapan

Kailan kita mahahagkan?
Aabot ba sa langit ang ginawa kong hagdan?
At sana naman pag ikaw na ay aking naabot
Sana tuloy tuloy tuloy na ang aking pagtulog

Sumasaya ang puso pag dumating na ang gabi
Kasali ang ngiti na makikita mo sa aking mga labi
Sa  king pagpili hindi ako nang hihinayang
Kahit panaginip lang ako sa  yo y hindi ilang

Ako y nalilibang, oh kailan ba ito magkakatotoo
Kase ako sayo ang ulo ko y gulong-gulo
Ngunit biglang naglaho nung naaninag na ang araw
Ako y nasilaw na sa pag alis hindi ka na matanaw

(Repeat Chorus)

(Do chord pattern: **E**-**B**-**D**-**C**-**B7**)

Naalimpungatan na naman hindi alam kung nasaan
Nakahiga sa dalampasigan, ginuguhit ang iyong pangalan
On the white sand, and drawn by my right hand
Thinkin  I m alone with you, loving you

And now paligid ang pag-ibig at ikaw ang kabig ng dibdib
Ninanais ko na makasama ka, dahil sadyang mahal kita
Subalit sa isang saglit naramdaman ko ang sakit
At pagdilat nang mata ikaw ay nawaglit

(Repeat Chorus, fade)